Ang tulang ito ay ang unang saknong ng Mga Pangkaraniwang Lungkot, pinakapaborito ni Sir Caloy sa labinlimang tula sa kanyang koleksyong pinamagatang Corpus. Nito lamang Setyembre 1, iginawad kay Sir Caloy ang Unang Gantimpala sa Tula sa Filipino sa ika-57 taon ng Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Inilalarawan sa koleksyong ito ang paghahanap ng isang makata ng paraan upang makapagsalita. Ang makatang ito ayon sa kanya ay namulat sa mga isyung pampulitika, sumasama sa mga rally at sa huli, bumabalik sa sariling kwarto upang makapagsulat tungkol sa kaniyang karanasan sa loob ng isang marahas na lipunan.

"Tinitingnan ko sa lahat ng kontradiksyon ang pagkapanalo ko sa Palanca," saad ni Sir Caloy.

Ayon sa kaniya, nakatataba ito ng puso sapagkat sa wakas, nakilala din ang kaniyang panunulat sa Palanca.

"Noong college pa kasi ako, ang sabi ng mga tao tungkol sa mga tula ko ay masyado daw itong obscure at sentimental. Tinawag nga ng isa kong propesor noon ang mga tula ko na 'ngaw ngaw poetry', mahilig daw kasi akong magpa-iyak ng mga mambabasa," kuwento pa ni Sir Caloy.

Sa kanyang pagsali sa patimpalak na ito, tinitingnan ni Sir Caloy na isa pa ring problema ang pagka-canonize o pag-aanoint ng Palanca sa mga bagong manunulat. Ngunit sa kabila nito, malaki rin umano ang naitulong ng Palanca sa pagsuporta sa ilang makata at manunulat.

"Nakahahanap pa rin naman ng espasyo ang mga progresibo at radikal na manunulat para sa pagpopropaganda at siyempre sa pagsusulat."

Nang tanungin naman kung sinu-sino ang mga nakaimpluwensiya sa kanyang panunulat, sinabi ni Sir Caloy na karamihan sa kanila ay mga kakaibang manunulat din.

"Paborito ko si Federico Garcia Lorca, isang makatang Kastila noong taong 1920. Pulitikal ang mga akda niya at kaya niyang ipakita ang pulitika at personal sa mga akda niya. Gayundin sina Eric Gamalinda, Federico Licsi Espino at Rolando Tinio," saad pa niya.

[P]: Anu'ng reaksiyon mo na pumangalawa lang sa iyo si Rebecca Añonuevo, isang kilala nang manunulat?

Sir Caloy: Iniisip ko lang na pagkakataon lang 'yun. Masayang-masaya din ako kasi 'yung mga binabasa ko lang dati ay kasma ko na sa awarding.

Sa edad na 23, masasabing isa sa mga pinakabatang nagwagi ng unang karanagan sa Palanca si Sir Caloy.

Maliban naman kay Sir Caloy, nag-uwi rin ng karangalan mula sa Palanca si Bb. Layeta Bucoy para sa pagsulat ng one-act play (Ikatlong Gantimpala) ngayong taon. At noong nakaraang taon naman, nagwagi rin si Propesor Emmanuel Dumlaog ng Ikatlong Gantimpala para sa pagsulat ng tula sa Filipino mula pa rin sa Palanca.

Ilan lamang sila sa mga patunay na hindi pahuhuli ang UPLB pagdating sa husay sa panitikan.

Kaya naman ayon kay Propesor Jerry Yapó, tagapangulo ng Departamento ng Humanidades, tunay nga namang ipinagmamalaki ng buong kagawaran ang mga nagsipagwagi sa nasabing paligsahan.

"Hopefully, their entry in the Humanities Department would not only inspire their co-faculty but also their students who want to experience their so-called 'break' in the publishing industry," dagdag pa ni Yapó.

Pagsuong sa Laot ng Panitlikang UPLB

Halos isang taon pa lang nagtuturo ng panitikan si Sir Caloy dito sa UPLB. Ngunit sa maikling panahong ito, masasabi niyang maganda ang kanyang naging karanasan dito. Kahit pa sabihing isang siyentipikong komunidad ang UPLB, sinuong pa rin ni si Sir Caloy ang salimuot ng pagsusulat sa loob nito kasama ng marami pang propesor sa kanilang departamento. Aniya, mahirap na nga talaga ang magiging isang manunulat kaya naman doble ang hirap ng magiging isang manunulat sa loob ng pamantasang ito.

[P]: Kumusta naman ang UPLB, na nagpapakadalubhasa sa agham,

para sa iyo na isang manunulat at guro sa panitikan?

Sir Caloy: Wala pa talagang sentro ng pagsusulat dito sa UPLB. Wala pa. Pero, malapit nang dumating.

Ang ganito namang katotohanan, ayon kay Sir Caloy, ay mas nagbibigay ng kagan-dahan sa tuwing makakakita ka ng mga komunidad ng mga manunulat at makata sa loob ng UPLB na nakikipaglaban para sa ginagawa nila.

[P]: Ano namang gusto mong sabihin sa mga batang manunulat na katulad mo?

Sir Caloy: Patuloy tayong magsulat at huwag tayong matakot sa mga institusyon katulad ng Palanca. Dahil base na rin sa nangyari sa akin, posible talagang manalo tayong mga batang manunulat sa Palanca.

[P]: Ano 'yung mga karanasang hindi mo malilimutan sa pagtuturo mo dito sa UPLB?

Sir Caloy: Siyempre isa na dyan 'yung mga lingguhang palihan ng mga writing orgs dito. Dahil lagi't lagi naman, ito 'yung nag-aangat ng moral naming mga nagtuturo katulad nina Dennis Aguinaldo, Reagan Maiquez at ni Emmanuel Dumlaog. Sila 'yung mga tinuturing naming mga kasabayan din naming magsulat kaya handa rin kaming magpakritiko sa kanila. Kaya bawat gabi ng palihan na 'yun ay hindi namin malilimutan dahil dinadala talaga naming 'yun hanggang sa mga diskusyon at naitutulak din kami ng mga mag-aaral na ito na magsulat.

Hindi rin malilimutan ni Sir Caloy ang kanilang produksyong Pagbulas ng Sibol, kung saan siya ang sumulat ng iskrip. Nakita niya umano dito ang kasigasigan ng mga kanyang mga mag-aaral, gayundin nina G. Reagan Maiquez at G. Dennis Gupa, upang makabuo ng isang natatanging produksyon.

"Idadagdag ko din ang pagbuo ng Isko't Iska para sa taong ito. Dahil dito mo makikita na nagpapatuloy 'yung tradisyon ng pagsuong ng mga kabataan sa sining at panitikan, handang suriin ang lipunan at makibaka para sa kanilang mga karapatan," saad pa niya.

Balon ng Artista at Manunulat

Iba't iba rin naman ang masasabi ng mga araw-araw nakakasalamuha ni Sir Caloy tungkol sa kanya.

Ayon kay Jaime Rafael Ledesma, estudyante ni Sir Caloy sa Humanities 1, akala niya noong una na hindi mahusay magturo si Sir Caloy kung pagbabasehan ang kaniyang edad. Ngunit hindi naglaon, napasubalian niya rin naman ang pagtinging ito.

"Ayoko ng Hum 1 noong mga unang meeting namin pero nagawa niyang interesado at kapana-panabik ang subject na ito," saad pa ni Ledesma.

[P]: Ano naman 'yung pinaka-wirdong karanasan mo sa pagtuturo?

Sir Caloy: Siguro 'yung isang beses na kinausap ako ng isang estudyante ko na sobrang grade conscious tapos ang sabi niya sa akin "alam mo sir, sa iyo lang ako nahirapan". Hindi ko naman kasi sinasabi na lahat ng itinuturo namin sa klase ay mabilis maproseso. Parang gusto ko lang sabihin na darating 'yung panahon na makikita mo 'yung teorya na gumagalaw at naisasapraktika tapos doon mo malalaman na naiintindihan mo 'yung mga tinuturo. Ang mahalaga, hindi 'yung nakakalimutan.

Hindi naman kasi nasusukat ng mga marka mo sa unibersidad kung gaano ka katalino. Masusukat aniya ang talino ng isang tao kapag nagagamit nito ang isang teorya upang tuligsain o suriin ang aktwalidad ng

isa pang teorya.

Nakatatanggap din umano ng mga sulat si Sir Caloy mula sa mga estudyante niya lalo na sa mga panahong nagagalit siya sa klase.

Sa kasalukuyan, wala pang planong tumigil sa pagtuturo si Sir Caloy. Aniya, aalis lamang siya dito sa UPLB kung sakaling pinaalis na talaga siya ng administrasyon.

"Kapag nagsulat ka dito, gumagawa ka talaga ng paraan. Nagbubukas ka ng mga espasyo para sa iba pang tao na gustong sumuong sa pagsusulat," pagtatapos niya.

[P]: Ano 'yung gusto mong iparating sa mga estudyante mo?

Sir Caloy: Makikita mo talaga sa karamihan sa mga estudyante ko na wala talaga silang pakialam halimbawa na lang kay T.S. Elliot at sa mga pinagsasabi niya. Kaya naman ang malaking hamon talaga sa akin ay makapag-instill sa kanila ng kahit konting interes sa panitikan at tingnan ito bilang makapangyarihang armas ng pagmumulat. Gayundin kung paano dapat suriin ang lipunan at ang pagiging tao mo sa ganito karahas na lipunan.

Ayon pa sa kanya, nais niya ring iparating sa kanyang mga estudyante na sa huli't huli, ang mga akdang kanilang binabasa ay mga kritiko ng mga manunulat sa lipunang ginagalawan nito.

"At tayo bilang mga mambabasa, tinitingnan din natin 'yung ating lipunan sa isang kritikal na paraan," dagdag niya.

Kaya naman para kay Sir Caloy, isang magandang simulain na ang pag-usbong ng komunidad ng mga batang manunulat sa UPLB katulad ng Pantas, Samahang Layb at UPLB Writers' Club na nagpapatuloy ng tradisyon ng kritikal na pagsusulat. Kahit hindi pa kinikilala at binibigyan ng suporta ang pagsusulat dito.

[P]: Ano'ng mga bagay ang kinahihilingan mo?

Sir Caloy: Mahilig akong mag-layout. Actually, layout artist ako ng Children's books ng Adarna bago ako nagturo. Raket ko din 'yun.

Si Sir Caloy ay nagtapos ng kursong BA Comparative Literature sa UP Diliman kung saan naging miyembro siya ng UP UGAT. Naging kabakas na patnugot, patnugot sa kultura at layout artist din siya ng Philippine Collegian. Kasalukuyan siyang mukumuha ng MA Philippine Studies sa UP Diliman pa rin. Ipinanganak si Sir Caloy sa Olongapo noong October 18, 1983 at pang-apat sa anim na magkakapatid.

Ugat ng Pagkakakilanlan

Unti-unting nanunumbalik ang sigla ng sin-ing at panitikan sa UPLB sa tulong ng mga gurong katulad ni Sir Caloy. Pasasaan nga ba at darating na rin sa pamantasan ang sinasabi niyang "sentro ng panulat". At mula sa mga sentrong ito, muling nagluluwal si Maria Makiling ng mga binhing magpapatuloy ng malikhain at magiting nating kasaysayan. Maaari ring higit pa sa maningning na kinabukasang ipinapangako ng agham ang maaaring ibunga ng mayabong na sin-ing at panitikan.

Cookie Kookie Questions

[P]: Favorite word?

Sir Caloy: Basically.

[P]: Favorite expression?

Sir Caloy: Ewan ko sa 'yo ang dami mo'ng alam.

[P]: Favorite color?

Sir Caloy: Old rose.

[P]: Single ka pa ba?

Sir Caloy: Oo. May problema ka? Haha! **[P]**

DFI: TULOY ANG LABAN NG ISKOLAR NG BAYAN

Napakatagal na panahon na ang lumipas mula ng ipatupad ang 221% Dorm Fee Increase (DFI) noong taong 1997 na tinutulan ng maraming Iskolar ng Bayan. Ngayong ika-sampung taong paggunita sa DFI, muli nating balikan ang mga pangyayaring nagbigkis sa mga mag-aaral hindi lamang sa UPLB kundi maging sa lahat ng kampus ng UP.

Nagsilbing isang malaking hamon para sa kapwa natin mag-aaral noon na harapin ang mga patakarang hindi makatarungan na ihinahain ng administrasyon.

1994: Lumabas ang mga plano para sa isang Revised Dorm Policy (RDP) na naglalayong mga freshmen lamang ang maaaring tanggapin sa mga dormitoryo sa loob ng unibersidad.

1995: Ipinanukala ang pagkakaroon ng Alternative Fee Scheme (AFS) na nagsasaad na maaaring magtaas ng bayad ang mga dormitoryo batay sa renobasyong kailangan ng bawat isa.

Mayo 29, 1997: Inaprubahan ng UP Board of Regents (BOR) ang DFI dahil sa sinasabing pagkalugi ng mga dormitoryo at ang pangangailangan ng pera upang mapaayos ang mga pasilidad nito.

Hulyo 17, 1997: Walang takot na ipinahayag ng mga mag-aaral ang kanilang pagtutol nang ipatupad ang DFI sa pamamagitan ng mga iba't-ibang pagkilos upang kontrahin ang biglaang pagtataas ng upa sa mga dormitoryo ng kampus. Kabilang na rito ang pagsasagawa ng mga room-to-room campaigns, org hops, educational discussions at pagpapaskil ng statements at position papers sa pangunguna ng University Student Council (USC).

"Ginawananamin ang lahat ng mapayapang pamamaraan upang maiparating kay Chancellor Ruben Villareal ang aming pagtutol sa DFI," ani ni Allan Andres na noon ay Tagapangulo ng USC. Binatikos nila ang

kawalan ng konsultasyon sa mga residente at mag-aaral, pati na rin ang sistemang paggamit ng dorm fee bilang pampasahod sa mga empleyado ng mga dormitoryo na dapat ay kinukuha sa Central Fund ng UPLB.

"Kung hindi nyo kayang magbayad ay magsilalis na lang kayo." Ito ang tahasang sinabi ni Dr. Vivian Gonzales, noon ay Dean ng Office of the Student Affairs (OSA) laban sa mga mag-aaral na nagbarikada.

Hulyo 28, 1997: Nagpasyang magtipon-tipon ang mahigit 300 na mga estudyante upang sama-samang makibaka para mabasura ang DFI. Binoykot ang mga klase at malawakang ipinasara ang mga gusali.

Hulyo 30, 1997 7am: Isang estudyante ang nasagasaan ng sasakyang may plate number na (PBG 110) habang nagpoprotesta. Nagtamo ng pasa ang biktimgang si Jaime Cachero na agad namang dinala sa Infirmary.

Hulyo 31, 1997: Sa gitna ng paulit-ulit na banta ng marahas na pambubuway ng UPF, umabot sa lampas 400 na katao ang nagbarikada sa UP gate.

Agosto 1, 1997: Simbolikong tinanggal ang barikada at winakasan ang programa sa pamamagitan ng pag-awit ng UP Naming Mahal.

Tumagal ng apat na araw ang pagbarikada sa UP Gate. Ipinakita nito na sa sama-samang pagkilos ng mga estudyante ay maipaglalaban ang mga karapatan ng lahat ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan, marami pa ring estudyante ang piniling manirahan sa mga dormitoryo sa kabila ng naging pagtaas ng bayarin noong 1997.

"Pinili kong tumira sa dormitoryo sa loob ng kampus dahil mas malapit ito at mas mura pa ang bayad. Gayun pa man, nananatiling problema namin ang kawalan ng tubig sa gabi at kung minsan ay ang hindi agad pagkakaroon ng tubig sa umaga," ayon kay Emmanuel Artuz, isang new freshman at residente ng Men's Dorm.

Sinabi naman ni Lisa Mercado, sophomore, at residente ng new Dorm "Madalas akong maglakad pauwi ng dormitoryo. Nakakapagod iyon pero malaking tipid sa pamasahé. Pinakamahirap kong naranasan sa dormitoryo ang minsang pagpasok ko ng hindi nakapaligo dahil sa kawalan ng tubig," dagdag pa ni Mercado.

Sa umpisa ng pananalasa ng Tuition and Other Fee Increase (ToFI) ngayong semestre, hindi malayong mangyari na magkaroon muli ng DFI dahil isa ito sa mga pinagkukunan ng panustos ng unibersidad para sa mga pangangailangan at gastusin nito. Karapatan nating ipaglaban ang ating mga karapatan. Isang pagpupunyagi para sa kapwa natin mga palaban na iskolar na makibaka para sa lahat. Tuloy ang laban! U-P-L-B! Tunay na Palaban! Makabayan!

[P]

Sanggunian: UPLB Perspective Archives
= Vol. 24 Issue 2, July 4-16, 1997
= Vol. 24 Issue 3, July 16-31, 1997
= Vol. 24 Issue 4, August 11-26, 1997
= Vol. 24 Issue 7, October 1-15, 1997
= Vol. 24 Issue 13, February 23- March 16, 1998
= Vol. 27 Issue 16, May 1-25, 2001



Requisite Sacrifice: A Neophyte's Ordeal

► Lara Katrina Tuazon

For decades, cases of fraternity violence have swept the University of the Philippines, claiming the lives of young men—from Gonzalo Mariano Albert's death, the first case of fraternity violence in 1954, until the case of UPLB Student Marlon Villanueva in 2006. All their questionable deaths and sufferings were supposedly borne from the pursuit of the coveted brotherhood.

High esteem

The term fraternity came from *frater*, a Latin word which means brother. Living up to its name, fraternities are generally perceived as organizations exclusively for men.

In the University, membership to fraternities is open to those who are willing to commit their loyalty to the group. Fraternities conduct orientation, publicized or not, to recruit potential members.

"Sa amin, may formal and informal

orientation. Sa formal, may program at andoon ang mga alumni. Sa informal naman, kami-kami lang sa tambayan," exclaimed Santi*, a resident member of a fraternity here in UPLB.

As the need for belongingness arises, some choose the path of becoming a full-fledged fraternity brother.

"Noong sumali ako, I was yearning for self-improvement. Gusto ko ring palawakin ang connections ko," he furthered.

Like Santi and the rest of the fraternity members, their perception of fraternities went far beyond the rumbles and violence it is usually associated with.

Fraternities also engage in activities and outreach programs within and outside the University.

"Kapag December, nagpapakain kami ng mga bata. Sumasali rin kami sa iba pang outreach programs para hindi masayang ang lakas namin," Santi shared.

Another fratman, Ran* shared their activities that keep him and the rest of his fraternity brothers busy.

"Nagsponsor kami ng quiz contest dito sa University. Dati, naikuwento rin sa akin na mayroon din kaming programang 'free circumcision' sa labas ng campus. Itutuloy ulit namin iyon," he said.

Further, Inter-fraternity Council Chairperson Rainier Castillo added that fraternities are generally "committed to serve."

"Huwag nating ikahon ang ideas natin tungkol sa frat. Tingnan din natin ang kanilang ideas and vision," he expressed.

Mendez Case

Cris Anthony Mendez, member of National College of Public Administration (NCPAG) Student Council and representative to the University Student Council in Diliman, excelled in academics and service. But this 20-year old Public

Administration student supposedly heeded the call of becoming a "fratman." However, he ended up dead at the Veterans Memorial Medical Center on August 27, 2007.

Autopsy indicated that the body suffered from "traumatic injuries on the upper and lower extremities." Furthermore, the victim had "contused lungs" or bruised lungs, an indication that he was hit hardy on the back or chest. These findings became a major foundation of the assumption that Mendez is a victim of hazing.

Ariel Paolo Ante, National College of Public Administration and Governance (NCPAG) Student Council Chairperson and Sigma Rho fraternity member, reportedly recruited Mendez to the said fraternity. As of press time, Ante still has to surface.

Ante, along with the rest of his fraternity brothers and alumni, maintained an inexplicable silence regarding the incident.

Although Senator Juan Ponce Enrile, a distinguished alumnus of the fraternity, deplored his fraternity brothers saying that his frat has become a training ground for "thugs and killers."

Strict Defiance

After the incident, gripping news of yet another death of a UP student due to suspected hazing landed on major newspapers in the country. This recurrence brings to question the effectiveness of the Anti-Hazing Law.

Signed by Former President Fidel V. Ramos, Republic Act No. 8049, known as the Anti-Hazing Law, "regulates hazing and other forms of initiation rites in fraternities, sororities, and organizations and provides penalties for violating." Lifetime imprisonment is the gravest punishment contained within this law if "death, rape or sodomy results" from hazing.

Since the enactment of the law in 1995, cases of fraternity hazing did not cease to exist. The Villanueva case remained unresolved, as the case of two suspects, identified as members of Alpha Phi Omega, is still pending.

It seems that this law failed to effect an increased caution among fraternities as they continue to cling onto the culture of violence that has been passed onto them.

An alumnus of one of the fraternities in UP said that "initiation rites are well laid-out laws within the fraternity." Further, he emphasized that limits should always be set for any form of test, physical or otherwise.

"During the 70's, we had to endure a month-long initiation and physical test was heavy, but [it is] always [done] in the context of indoctrination on leadership, friendship, and service," he shared.

Former UP President Francisco Nemenzo acknowledged the difficulty of changing the culture of fraternities. However, he said that there are ways to prevent cases of fraternity violence.

A preventive measure, according to Senate Majority Floor Leader Francis Pangilinan, former UP Student Regent, includes the attendance of a school representative during initiation rites. He is also advocating for the aggressive and proactive enforcement of this law.

On the other hand, Senator Miriam Santiago proposed the abolishment of fraternities as the solution. Santiago even dared any student who is against the proposal to have a debate with her.

In response to the proposal, Santi said that banning fraternities is impossible.

"Mas dadami ang grupo na magiging underground kung nagkataon. Dahil doon, mas mahirap i-control ang violence na puwedeng mangyari," he asserted.

Culture of Violence

Machismo can be traced to the patriarchal system that is deeply rooted in the Filipino culture. It came from the viewpoint that male was the superior gender.

James*, another fraternity member here in the campus said that patriarchy kindles different actions of the fratman. It is sometimes exhibited even in the smallest instances within the group. According to him, it is

seen in the fraternity members' demeaning treatment of women.

"Ipinapakita nila ang pagiging 'super gentleman' sa babae dahil sa tingin nila, mahihina ang mga ito," he revealed.

He even disclosed that some sorority women were deemed as mere girlfriends of the fraternity men.

"May mga certain sororities na itinatatag, pero sila ay secondary lang sa fraternity brothers. Minsan pa nga, ang ibang sorority women ay nagiging ka-relasyon na lamang ng mga fratman," he explained.

In essence, fraternities represent power and manhood. Primarily, a fratman's belief of superiority results to fraternity rumbles and violence. But when suddenly faced with the rumored hazing incident, the 'manly' strength of the fratmen turns null.


Blind Reverence (?)

With the emergence of another death from hazing, its relevance in a fraternity, sorority or even an organization's membership process is again being questioned. This is not only because of its 'indefinite' purpose, but most importantly, the sufferings and deaths incurred because of its execution.

The elimination of these student groups will not totally expunge the culture of violence; it will just violate the individuals' freedom of assembly. Regardless of whether they are abolished or not, the fraternity's culture will still persist as long as members blindly follow what has been done before, carrying the risk of sacrificing another life along the way.

Fraternity brothers are bound by their loyalty to the fraternity. Thus, adhering to the history and culture of the group is definitely called for. Conversely, as a fratman develops his fervor for the group, things done for the fraternity do not emerge as mere "favors" any longer.

But when the demand of the fraternity already involves peril, then breaking off from the tradition to spare a future member from harm is not utter insolence. [P]



FEATURES

THE OFFICIAL STUDENT PUBLICATION OF THE UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LOS BAÑOS
VOLUME 34 ISSUE 1
SEPTEMBER 27 2007

7

SystemOne

System-e-WAN?

Angelique Alazada

Isang estudyante ng UPLB ang sabik na para sa susunod na semestre. Makikilala niya ang Online Registration sa pamamagitan ng Systemone, kung saan gagamit siya ng internet at kompyuter upang makapagpalista ng mga asignaturang kailangan niyang makuha. Ngunit hindi siya siguradong makakakuha ng kumpletong unit para sa susunod na semestre. Hindi rin kasi siya sigurado sa impormasyong alam niya tungkol dito. Pero dahil wala siyang pagpipilian, susuungin niya ang mundo ng kawalang kasiguruhan.

Cannot find server

Magandang ideya ang paggamit ng internet sa pagpapa-rehistro at pagpapalista ng mga asignaturang kailangan ng mga estudyante dahil mabilis ito. Hindi na kailangang pumila pa sa mga dating nakatakdang lugar tulad ng New College of Arts and Sciences (NCAS) building para sa pagpapa-rehistro. At makatitipid pa sa oras dahil ilang click lang sa kompyuter ay makikita mo na ang account mo.

Ngunit ang paggamit ng internet ay tila nagpapakita sa mga estudyante ng hindi pagkakapantay-pantay. "Hardware-dependent" kasi ang internet. Ibig sabihin, kailangang may kompyuter ka upang makapag-internet. At hindi lahat ng may kompyuter ay may adbentahe na sa sistema dahil kailangan na may koneksyon ka rin sa internet.

May isa pa namang paraan upang makagamit ng internet para sa Online Registration: ang pagrenta ng kompyuter sa mga internet shops. Kalimitang dalawampu't limang piso ang upa sa kompyuter sa bawat oras na makokonsumo.

Ngunit hindi biro ang renta sa internet na babayaran ng mga estudyante. Hindi rin basta-bastang gastusin ang aabutin ng isang pangkaraniwang estudyante, dahil ang dalawampu't limang piso kada oras ay napakabigat na. Idagdag pa na maraming internet shops na may mga mabagal na kompyuter at pagbubukas ng pahina ng Systemone.

Kakataka ring sumabay ang pagtaas ng renta sa mga internet shops sa implementasyon ng Systemone. Noong mga unang araw ng registration, nag-uumpaw ang mga internet shops sa paligid ng UPLB dahil unahan sa pagkuha ng unit at pagpapa-waitlist ang mga estudyante. Kaya kahit sabihin pa na may mga nakahanda nang kompyuter sa mga

bintana ng University Registrar's Office ay kailangan pa ring magrenta sa labas dahil pipila ka rin naman sa harap nito upang makagamit.

Results not found

Hindi na bago ang samu't saring senaryo tuwing registration period dahil simula pa noong unang semestre, isang tambak na ang mga bagay na gumugulo sa mga estudyante tungkol sa Systemone.

Ayon kay Thea Ajes, BS Computer Science '07, "on-time ako gumawa ng account at nalaman ko ngang overload ako kasi 21 units ang nakuha ko, halos lahat ng ComSci ay overload." Gayunpaman, nalilito pa rin siya sa Systemone.

Si Mirriam Castañeda naman, BA Sociology '07, ay gumastos ng isang daang piso upang mabuksan lamang ang account niya sa Systemone dahil usad-pagong umano ang website. At ang lalo pang nagpa-init sa ulo niya ay nang malaman niyang siyam na unit lang ang nakuha niya at wala pa ang mga pinaka-kailangan niyang mga asignatura.

"Ayos lang naman ang Systemone para sa akin. Kasi, first come, first serve. Equal yung opportunities, kaso medyo parang hindi rin equal kasi yung iba ang dami-dami ng units at yung iba naman, super hirap sa pagkuha ng unit at subject. On-time naman akong nag-reg pero 18 units lang ang nakuha ko," saad ni Abigail Huelma, BS Agriculture '07'.

Ayon naman kay Sheila Mae Abucay, tagapangulo ng Konseho ng Mga Mag-aaral ng Kolehiyo ng Agham at Sining, "Yung unang sem kasi, ang CAS ang tumulong dun sa pag-aasikaso ng registration. Nakita namin yung mga ginagawang paraan ng pagpaparehistro. Yung sa part naman nina Mr. Rodolfo Duldulao Jr. ang administrator ng Systemone, nahihirapan sila kasi konti lang silang gumagalaw sa loob talaga. Usapan daw nila ay every opisina, halimbawa registrar ay may representative or parang maghahallili. Pero sa nakita namin buong week or buong duration ng Systemone, eh sila at sila pa rin. So, ang suggestion ni Sir Duldulao noon ay gawing mas maaga ang registration tulad nga ngayon, di'ba? Eh ngayon kasi, yung sa mga kakilala ko marami ang nagsasabing mas ok lang ngayon. Ang

problema lang, marami pa ring mga estudyante ang hindi informed."

Idinagdag pa niya na hindi naipapakalat ang mga impormasyon tungkol sa mga bagong sistema, tulad ng Systemone, nang maayos. Sino nga naman daw ba ang magbabasa ng isang anunsyo na nakadikit lang sa mga pader? Kaya ang kanilang konseho ay sinusubukang magpakalat ng impormasyon sa mga kapwa nila estudyante, dahil kailangang-kailangan ang mga ganitong klase ng tulong sa ngayon.

Sinabi pa niya na ang alam niyang hangarin ng Systemone ay para maalis na ang orm 26, na ginagamit kung kulang ang unit ng isang estudyante. Ngunit kung susuriin, problema talaga nito ang kasiguraduhang madadagdagan ang unit ng isang estudyante. Kaya naman kahit sabihin pang may Systemone na, at kulang pa rin ang mga inaalok na klase, ay hindi pa rin nasolusyonan ang dati nang problema ng mga estudyante.

"Gumawa ako ng account ng on-time tapos sakto lang naman 'yung units na nakuha ko, 19 units. Sa library ako nag-open ng account at nagbayad ako ng 10 pesos. Nakakahinayang kasi pangkain ko na 'yon tapos pang-iinternet pa. At tsaka ang bagal kaya nung site. Naguguluhan pati ako kasi first time nga, tsaka nung nagtanong-tanong ako for assistance, walang mapagtanungan kasi hindi rin sila maalam. Hindi kasi masyadong informed," giit ni Jeffrey Magtibay, BS Math and Science Teaching '07'.

Sa isang taong pagpapatupad ng Systemone, maraming prob-

lema ang patuloy na umuusbong. Pangunahin na ang gastos, hirap at kakulangan sa pagpapakalat ng impormasyon. Dumagdag pa ito sa mga una nang problema sa pagpapa-rehistro tulad ng kakulangan sa unit at kawalan ng mga pinakakailangang mga asignatura.


Hindi na bago ang samu't saring senaryo tuwing registration period dahil simula pa noong unang semestre, isang tambak na ang mga bagay na gumugulo sa mga estudyante tungkol sa Systemone.

Page cannot be displayed

Pagkatapos ng lahat-lahat, patuloy ang pakikipagsapalaran ng isang iskolar ng Bayan upang maiayos ang lahat para sa ikalawang semestre.

"The Online Registration aims to determine for a course of section for second semester 2007-2008 at an earlier time. This will help the colleges to take appropriate action to better serve the students' need."

Nakapaskil ang mga katangiang ito ng Online Registration sa isa sa mga bintana ng opisina ng University Registrar. Kung susuriin, masasabing para sa kabutihan ng mga estudyante ang Systemone. Makakatulong din marahil ito sa bawat kolehiyo upang mas mapadali ang kanilang trabaho at matugunan ang bawat pangangailangan ng mga estudyanteng sakop nila. Ngunit natatamasa kaya ito ng bawat estudyante sa totoong buhay? [P]



So-called EMO

▲ Beverly May Indino

I never knew how an easy makeover can utterly influence one's image—until I tried it myself.

Weeks before June approached, I considered a band of hair strands to cover my entire right face just to put some twist on my Plain Jane image. And well, after long days of idleness at home, I was thrilled to do something different that morning; something that will remind me of "what I did last summer." So I cut my lengthy bangs, without thinking much about it.

As expected, it was not only me who thought likewise. The semester in UPLB was welcomed by screaming diversity of fashion as seen in some Elbizens' way of dressing up; most of which are not really their look in the previous semester/s. One of the styles that stood out from the crowd is the so-called "Emo," the trend I was not aware some may associate with the simple change I did with my hair.

Simply Stereotypes

The term Emo covers too extensive interests that its definition cannot be contained by a single box.

A typical notion of the Emo fashion consists of dyed black hair (though sometimes with red or pink streak), eyeliner, thick black-rimmed glasses, tight jeans and shirt usually bearing names of Emo bands, studded belt, old-beaten Chuck Taylor All-Stars or other black sneakers, and yes, long bangs often brushed to one side of the face.

Gin*, BS Economics '05, an admitted follower of popular culture, cleared that "Emo is not just fashion. It is also music and lifestyle."

Emo is also a subgenre of Hardcore Punk which is linked by some musicians to several independent variations like Screamo, Indie Emo, Emo Punk, Emo Acoustic, and the likes. Precise or not, Emo is usually used to describe music of foreign bands like Fugazi, Embrace, Blood Brothers, Jimmy Eat World and the debatable inclusion of Dashboard Confessional, Fall Out Boy, My Chemical Romance, Paramore and local bands like Typecast and Fast Pitch.

Most Emo people, however, consider Emo style as something bound with sentimental attachment. "The weird part [is], is not all of these [Emo styleswww] supposed to be emotional?" Gin added.

In the attitude, an Emo person is usually thought of as self-centered, usually heartbroken, depressed and often quiet. Included in these attitudes is the idea of self-mutilation that includes cutting and burning, even reaching to the point of suicide.

However, these descriptions are not always acceptable, and for some, Emo is not always the "negative" attitude. "Meron din kasing mga Emo na masayahin. Emo pa rin sila kasi nakikinig sila ng Emo music or 'di kaya, nakakasunod sila sa Emo fashion. Kanya-kanya rin kasi 'yan. Tulad ko, ang kino-consider ko lang na Emo ay 'yung mga fans ng Emo music. Pwedeng 'yung iba, sa fashion sila nakatingin. The rest, sa kilos. Mahirap talagang i-generalize, kasi napaka-

broad nga ng term na Emo," Dan*, a BS Nutrition '05, explained. He claims that he has been a listener of Emo music long before its popularity hit the country.

Being called a poser is the other attack of some critics to those who are into the Emo trend. It is generally an offensive slang term for either the exaggerated or pretentious person who used to pose a certain fashion style, though



aware of it, when he knows nothing or at least, knows only insignificant things about such style.

Fashion, music, and attitude associated with Emo are taking place in expansive interpretations. Some Emo kids' idea on what Emo is really all about is too limited to catch up with its rising popularity.

Ain't Just a Scene

In a campus where the sense of academic freedom is somewhat visible, some Elbizens engage themselves in scenes like Hiphop, Rock, Punk, Reggae, and other genres. Some would just stick to the simple safe style of shirt and jeans while others would be creative (and bold enough) to modify the existing trends.

The real deal, perhaps, is not really in the diversity of choices but on how this "engagement" of students to these modes works. In a closer look, most teenagers package themselves in such a way that they will be labeled according to what they desire. Such practice of identity creation extends to their day-to-day activities.

Em*, BS Computer Science '06, admitted that swhe got obsessed to be branded as an Emo Girl in her first year in college.

"I read on the net na gani-

"All of a sudden, [I] got sick of it. Naisip kong wala naman akong napapala. In return, nega[tive] ang naging epekto sa 'kin dahil masyado akong naki-ayon sa uso without thinking of it first," Em said.

Some people also acquire Emo trends from the music style to the attitudes—for the main reason of "going with the flow."

Sociologists may call this conformity, a term referring to imitating such preferences of the majority resulting to changing one's actions due to peer pressure. There are two reasons that may explain this: they follow the trend because they think it is right; and they just feel good moving in a crowd.

An instructor from the Department of Social Sciences, who refused to be identified, suggested this basis of the rise of Emo trend.

"In the case of Emo dressers who know little about the so-called Emo, they might fall on both explanations. First, the persons whom they like are into it, so should they. Second, they find it cool; they feel good with the attention they are getting. Thus, they go with what they think is 'in' regardless of whether the pressure around them is real or purely imaginative."

Nevertheless, the labeling process associated with Emo is still subject to criticisms. Emo is often judged based on mere impression; it can be destructive and rarely constructive.

Arguments over matters that might not in fact do any good on parties involve is never a sound option. Calling names those who don't fit our definition of cool is not a very intellectual practice as well. So why fight over who is Emo and not? As an Avatar in glitter-graphics.com indicates, "Don't label me, I am not a can."

Mere Trend. Period.

Fads come and go. What may be "in" now will soon be "out." Conversely, what used to be "out" can enter the limelight again and be considered "in."

Whether in music, fashion, or attitude, people have their own interpretations of what is Emo and what it is not. Once these ideas matched each other, a certain concept becomes agreeable to many regardless if things can revolutionize in a snap.

UPLB can be a representation of the adaptation and general attitude of Filipinos toward changes. And Emo, minus the hugs and drama, is the current scene that may be replayed, deleted, or fast-forwarded. [P]

*not their real names

Sources:
<http://www.answers.com/topic/emo-slang>
<http://vampirefreaks.com/musicreviews/cat.php?c=5>
<http://www.fourta.comw>
<http://www.urbandictionary.com/define.php?term=emo>
<http://emocemetry.10.forumer.com/index.php>
<http://en.wikipedia.org/wiki/Emo>
<http://en.wiktionary.org/wiki/Emo>



OVCCA rejects USC, LBCTF appeals

PUJ rerouting 'dry run' continues

▲ Rogene Gonzales

Students who have classes in PhySci, BioSci, Humanities and NCAS will still have to bear walking, as the Office of the Vice Chancellor for Community Affairs (OVCCA) refused appeals to end the public utility jeepney (PUJ) rerouting 'dry run'.

The appeals were presented by the University Student Council (USC), and the Los Baños – Calamba Transport Federation (LBCTF), an alliance of five PUJ drivers and operators' associations.

For more than a month now, the new route prohibits access of PUJs to roads through the 'middle campus,' which includes the Institute of Biological Sciences, New College of Arts and Sciences, Humanities and Physical Sciences buildings. In conjunction, PUJs entering the UP gate can now turn left (Silangan Road) but are required to post "Kanan" or "Kaliwa" sign boards.

Noise-free, smoke-free campus

On August 31, Chancellor Luis Rey Velasco and Assistant to the Vice Chancellor for Administration Elpidio Agbisit granted a dialogue requested by four out of five PUJ drivers and operators' organizations.


USC Chairperson Leo Fuentes Jr. and USC Councilors were also present in the dialogue.

Velasco stressed the idea of promoting the middle campus as a "walking campus" and reasoned that the classes being held there are now "noise- and smoke-free".

He insisted to retain the new route



KALIWA OR KANAN? Students can now take Silangan or Kanluran roads on their way to class but are not able to pass through the "middle campus."



IRATE. Students react on the PUJ rerouting "dry-run" that is now into its second month.

because according to him, it has considerably lessened the 'traffic' along Raymundo stretch.

Moreover, Agbisit pointed out that traffic is still heavy in the Raymundo stretch because the drivers refuse to take the alternative (Silangan) road. He added that the new route

is shorter.

Asked about the reduced income of the PUJ drivers, Velasco suggested regulating the entrance of PUJs in the campus since according to him, the overpopulation of PUJs is the cause of this problem, not the new route.

Also, Velasco assured the USC that the rerouting is not part of ecotourism.

No final date for the 'dry run,' however, was settled after the dialogue.

Bring back the old route

LBCTF Executive Vice-President Dominador Montecillo denied allegations that they are responsible for the "noise and pollution" inside the campus.

"Papaano naman kami magkakaroon ng polusyon kung ang mga jeep na pumapasada ay inexamine naman nila kung mausok o hindi?" he asked.

"Kung gusto nila ng tahimik [na lugar], maglagay sila ng karatula doon sa gate na: You are entering the University of the Philippines, Silence Please [and] No Blowing of Horn," he added.

Montecillo argued that since the implementation of the 'dry run' on August 1, the average daily income of PUJ drivers was slashed by at least Php100. He attributed this to higher fuel consumption of drivers dropping passengers at various points in the new route. He also complained of passenger loss since 90% of students are concentrated in the middle campus.

Furthermore, Montecillo said that the LBCTF wants the OVCCA to bring the old route back or at least open a one-way entry through the middle campus for PUJs.

Uphold students' rights

Meanwhile, Fuentes stated that the USC disagrees on the PUJ rerouting because no proper student consultations were conducted.

"Maraming estudyante ang nalalate

sa klase nila na tipong pawisan [kung mainit] at kung panahon man ng tagulan ay basang-basa na dahil walang masakyan," he explained.

During the dialogue, the USC asked the administration for a democratic process in decision-making. Velasco answered that students should abide by the laws of the University.

"Ang batas ng Unibersidad ay may consultation. At malinaw ang depinasyon natin sa consultation, pakinggan at iprocess ang pangangailangan ng bawat isa, hindi ibig sabihing ang mas marami ang nasusunod," Velasco said.

According to Fuentes, the OVCCA failed to show concrete basis for the rerouting implementation.

Last July 31, the USC posted 'Wall-speak' in several buildings around the campus soliciting feedback regarding the PUJ rerouting scheme. Fuentes said that most of the respondents reacted negatively on the proposal.

One comment was, "Dapat naman sana dadaan sa PhySci, BioSci at Hum... wala ng sense ang pagsakay sa jeep, lalo ka lang mapapalayo!"

"The problem is hindi naconsult 'yung prime stakeholders at 'yung direktang maapektuhan. The students themselves should at least know it before the implementation," was another.

A compiled list of these feedbacks was given to Velasco during the dialogue.

Fuentes urged his fellow students to join the protests on September 28 regarding pertinent issues like bringing back the old route in the upcoming Board of Regents meeting here in UPLB.

In connection, the LBCTF will stage a transport strike on the same day. [P]

In the wake of Sison's arrest ST groups rally at Crossing

Close to a hundred protesters from Southern Tagalog trooped to Crossing, Calamba last August 31 to condemn Jose Maria (Joma) Sison's arrest by the Dutch government.

